



## **Rights to Service and Emotional Support Animals (Mga Karapatan sa Pang-serbisyo at Pang-emosyonal na Suportang Hayop) sa Pabahay at mga Pampublikong Lugar – FAQs**

---

*Pub#7155.08 Tagalog - Hunyo, 2020*

Kung meryoon kang kapansanan, nakararanas ng kawalan ng bahay, at may hayop na pang-serbisyo, mapahihintulutan ka ng batas na makasama mo ito sa mga pampublikong lugar at sa iyong pabahay, kabilang sa mga silungan ng walang bahay.

Kung mayroon kang pang-emosyonal na suportang hayop imbes na isang hayop na pang-serbisyo, mayroon ding mga batas na papayagan kang makasama mo ito sa iyong pabahay, kabilang ang mga silungan ng walang bahay, ngunit hindi sa mga pampublikong lugar.

Gamitin ang listahan ng mga katanungan at kasagutan na ito para malaman ang mga tuntunin na lalapat sa iyo, at kung saan lumalapat ang mga eksempyon.

Para sa mabilisang reperensiya, tingnan din ang “Emotional Support and Service Animals in Public Places and Housing - Quick Facts Sheet.”

### **Aling mga batas ang lumalapat?**

TANDAAN: ang seksyon na ito ay nilalayong magbibigay ng maikling malawakang pananaw ng mga batas na lumalapat sa mga karapatan ng kapansanan sa mga pampublikong lugar at pabahay. Ang mga seksyon pagkatapos noon na nag-uumpisa sa “What is considered a service animal? (Ano ang itinuturing na hayop na pang-serbisyo?)” ay mag-uumpisa para magbigay ng partikular na mga katanungan at kasagutan sa

kung maisasama mo man ba ang serbisyo o pang-emosyonal na suportang mga hayop sa mga pampublikong lugar at/o pabahay.

May iba't ibang set ng mga batas na sumasaklaw sa mga karapatan ng kapansanan para sa mga pampublikong lugar at pabahay. Ang ilan ay mga batas ng estado, at ang iba ay mga batas ng pederal.

Narito ang isang listahan ng mga pangunahing batas na sumasaklaw sa mga karapatan ng kapansanan sa mga pampublikong lugar.

- Ang Americans with Disabilities Act (ADA) Title II (nasasaklawan ang estado at mga entidad ng lokal na pamahalaan, AKA mga pampublikong entidad) at Title III (nasasaklawan ang mga negosyo) ng [Batas ng Pederal]
- California Unruh Civil Rights Act (nasasaklawan ang mga negosyo)
- California Disabled Persons Act (nasasaklawan ang mga negosyo)
- California Government Code 11135 (nasasaklawan ang mga tumatanggap ng mga pondo ng estado)

Narito ang isang listahan ng mga pangunahing batas na sumasaklaw sa mga karapatan ng kapansanan sa mga pabahay:

- Fair Housing Amendments Act [Batas ng Pederal] (nasasaklawan ang karamihang anyo ng pabahay, kabilang ang mga silungan ng walang bahay)
- Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (nasasaklawan ang mga tumatanggap ng mga pondo ng pederal) [Batas ng Pederal]
- California Disabled Persons Act
- California Fair Employment and Housing Act

**TANDAAN:** ang mga karapatan ng kapansanan sa mga silungan ng walang bahay ay maaaring masaklawan ng mangilan-ngilang set ng parehong mga batas ng pederal at estado – depende sa kung paanong pinopondohan ang silungan, at kung aling aspeto ang ginagamit ng silungan o kung paano ito na-a-access (bilang isang silid sa araw/sentro ng mapagkukunan, o bilang isang anyo ng pabahay). Gayunman, maaari mo pa ring gamitin ang FAQ na ito para mataya kung anong mga tuntunin ang lalapat sa iyo kung kailan, at kung paanong igiit ang mga ito.

## **Sino ang protektado ng batas ng mga karapatan ng kapansanan?**

Mga indibidwal na may mga kapansanan ay protektado ng batas ng mga karapatan ng kapansanan. Ang mga kapansanan ay tinutukoy nang bahagyang naiiba sa ilalim ng mga batas pederal at estado, ngunit sa pangkalahatan ang mga ito ay:

1. isang kahinaang pisikal o hinggil sa pag-iisip
2. na nililimitahan ang
3. isa o maraming major life activities (MLA) ng isang indibidwal

Ang mga batas ng mga karapatan ng kapansanan ng pederal, at mga batas ng California ay lahat gumagamit ng kawangis na kahulugan, na may eksepsyon na mas malawak ang batas ng California – inuutos ng batas ng pederal na ang limitasyon ng MLA ay maging “substantial (sapat).”

Ang mga indibidwal ay protektado sa diskriminasyong batay sa kapansanan kung ang mga ito ay:

1. Kung may kahinaang pisikal o hinggil sa pag-iisip na [sapat - kung lumalapat ang batas ng pederal] nililimitahan ang isa o marami pang major life activity;
2. May rekord ng naturang kahinaan; o
3. Itinuturing bilang mayroon naturang kahinaan.

## **Ano ang itinuturing na major life activity (MLA)?**

Tulad ng kahulugan ng kapansanan, ang mga kahulugan ng major life activities ay bahagyang nag-iiba sa buong mga batas ng pederal at estado. Gayunman, pangkalahatang kasama ang mga ito ngunit hindi limitado sa: pag-aalaga sa sarili, pagkain, pagtulog, paningin, pagdinig, pagsasalita, pag-iisip nang malalim, pag-iisip, pagtatrabaho, paglalakad, pagtayo, paghinga, at mahahagang paggana ng katawan tulad ng pagtunaw, paghinga, sirkulatoryo, hinggil sa neurology, at mga paggana sa pag-aanak.

Tulad ng kahulugan ng kapansanan, ang kahulugan ng batas ng estado ng MLA ay bahagyang mas malawak at karagdagang inilalarawan ang MLA bilang limitado kung pinahihirapan ito ng kahinaang pisikal o hinggil sa pag-iisip.

## **Ano ang itinuturing na hayop na pang-serbisyo?**

Ang “service animal (hayop na pang-serbisyo)” ay:

1. isang aso
2. na indibidwal na sinanay
3. para magsagawa ng trabaho o mga tungkulin
4. na nabebenepisyuhan ang taong may kapansanan, kabilang ang pisikal, pandamdang, saykayatriko, pangkaisipan, o iba pang uri ng kapansanan.

**TANDAAN:** Ang hayop na pangserbisyo ay maaaring sanayin ng isang propesyonal, isang kaibigan, isang miyembro ng pamilya, o ang taong may isang kapansanan.

**TANDAAN:** Ang hayop na pang-serbisyo ay maaaring kasama rin ang isang maliit na kabayo. Bagaman ang kahulugan ng ADA ay limitado sa mga aso, ang regulasyong pederal ay nagkakaloob na ang maliliit na kabayo ay dapat pahintulutan bilang mga hayop na pang-serbisyo sa mga pampublikong espasyo kung sila ay indibidwal na sinanay para mabenepisyuhan ang indibidwal na may kapansanan at makatwirang mapagbigyan.

## **Ano ang itinuturing na pang-emosyonal na suportang hayop?**

Ang pang-emosyonal na suportang hayop ay:

1. anumang hayop
2. na naluluwagan ang mga epekto
3. ng kapansanan ng isang tao
4. sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaginhawahan o suporta.

## **Anu-ano ang ilang halimbawa ng trabaho at mga tungkulin na maaaring sanayin ang mga hayop na pang-serbisyo para gampanan?**

Pagpatay ng mga ilaw, pagpulot ng mga bagay, kunwang pandamdang at malalim na presyon na therapy para sa tagapagsanay, pagpigil o pag-abala sa pabigla-bigla o mapanirang mga kilos, pagpapaalala sa indibidwal na uminom ng gamot, at pag-alis sa tulirong indibidwal mula sa isang mapanganib na sitwasyon.

TANDAAN: Walang partikular na legal na kailangan sa dami ng uri ng trabaho na dapat ibigay ng hayop na pang-serbisyo para sa benepisyo ng may kapansanang tao. Ang tanging kailangan para maging isang hayop na pang-serbisyo ay maging indibidwal na sinanay ang aso para mabenepisyuhan ang taong may kapansanan.

### **Mayroon ba akong dapat gawing anumang bagay para kilalanin ang aking aso bilang isang hayop na pang-serbisyo?**

WALA Hindi inuutos ng ADA na maparehistro ang mga aso bilang mga hayop na pang-serbisyo, o magsuot ng espesyal na tag o vest na kinikilala sila bilang mga hayop na pang-serbisyo. Nagkakaloob ang batas ng California para sa mga departamento ng lokal na kontrol ng hayop na maglabas ng mga tag ng pagkakakilanlan sa mga tao gumagamit at nagsasanay ng mga hayop na pang-serbisyo. Gayunman, maliban lang kung ang aso ay isang hayop na pang-serbisyo na sinasanay (tingnan ang talakayan sa ibaba), hindi kailangan ang mga tag at hindi nagtatanghal na ang hayop ay isang hayop na pang-serbisyo sa ilalim ng batas.

### **Ano ang aking mga karapatan kapag maghahangad para maisama ko ang aking hayop na pang-serbisyo sa mga pampublikong lugar?**

Ang Title II at III ng ADA ay nagkakaloob na ang mga may-ari ng mga hayop na pang-serbisyo, ay pinapahintulutan na samahan sila ng kanilang hayop na pang-serbisyo sa mga pampublikong lugar (tingnan ang mga katanungan sa ibaba para sa paliwanag ng “public space (pampublikong lugar)”), hangga’t wala sa mga eksempsyon ang lalapat (tingnan sa ibaba “When can my service animal be denied access to a public space? (Kailan matatanggihan ang aking hayop na pang-serbisyo sa isang pampublikong lugar?)”).

### **Ano ang itinuturing na pampublikong lugar?**

Ang pampublikong lugar ay isang negosyo o entidad ng pamahalaan na bukas sa publiko.

Kasama sa mga negosyo bilang mga restaurant, hotel, sinehan, tindahan, medikal na tanggapan at mga ospital.

Ang mga entidad ng pamahalaan ay mga lugar na pinapatakbo ng isang estado o lokal na pamahalaan, tulad ng mga gusali ng pamahalaan, pampublikong transportasyon at mga pampublikong parke.

TANDAAN: maaaring kasama rin sa mga entidad ng pamahalaan ang mga silungan ng walang bahay na pinatatakbo ng lokal na pamahalaan.

TANDAAN: maaaring kasama rin sa mga pampublikong lugar ang mga kuwarto sa araw ng silungan ng walang bahay, library, food bank at mga sentro ng senior, dahil lahat sila ay bukas sa publiko.

**Ano ang kailangan kong gawin kapag susubukang ma-access ang pampublikong lugar kasama ng aking hayop na pang-serbisyo/anong mga katanungan ang maaaring itanong sa akin?**

Kung mayroon kang hayop na pang-serbisyo, pinoprotektahan ng batas ang iyong karapatan na maka-access sa mga pampublikong lugar. Samakatwid, ang tanging bagay na kailangang mo lang gawin, ay i-access ang pampublikong lugar. Bilang karagdagan, kung malinaw ang pangangailangan para sa hayop o halata, kung gayon ay hindi ka na tatangunin ng anumang katanungan.

Gayunman, kapag hindi tiyak ang empleyado o kinatawan ng isang pampublikong lugar na ang iyong hayop ay isang hayop na pang-serbisyo, maaari ka nilang tanungin, ang tagapagsanay:

- 1) Kailangan ba ang hayop dahil sa kapansanan ng tagapagsanay?; at
- 2) Anong trabaho o tungkulin ang sinanay gawin ng hayop?

TANDAAN: Sa ilalim ng batas ng California, ang maling paglalarawan na sinanay ang aso na hayop pang-serbisyo ay isang maliit na krimen na napaparusahan nang hanggang anim na buwang pagkakakulong at/o hanggang sa \$1,000 multa (Penal Code Section 365.7(a)).

**Kailan matatanggihan ng access ang aking hayop na pang-serbisyo sa mga pampublikong lugar?**

Hindi inuutos sa mga pampublikong lugar na payagan ang pag-access sa mga hayop na pang-serbisyo na:

1. nagkukunwang isang direktang banta sa iba,

2. na wala sa ilalim ng pangangalaga at kontrol ng tagapagsanay, o
3. na panimulang mababago ang gawi ng mga paninda, serbisyo o programang ipinagkakaloob ng negosyo o entidad ng pamahalaan.

### **Ano ang itinuturing na direktang banta?**

Ang direktang banta ay:

1. nagpapahiwatig ng panganib sa kalusugan o kaligtasan ng iba
2. na hindi maaalis ng isang pagbabago ng mga patakaran, kasanayan, o mga pamamaraan, o sa pamamagitan ng mga dagdag na tulong o serbisyo.

Bilang halimbawa, ang asong nangangagat nang walang pagpapagalit ay maaaring maghandog ng direktang banta.

**TANDAAN:** Ang hindi pagsali sa hayop na pang-serbisyo batay sa isang direktang banta ay dapat maging batay sa aktuwal na kilos ng partikular na hayop, hindi sa mga palagay o stereotype tungkol sa kung paanong maaaring umasal ang hayop o ang lahi ng hayop.

AT, sa pagtukoy kung umiiral ang direktang banta, dapat magawa ang isinaindibidwal na pagtatasa, batay sa isang makatwirang pagpapasiya na umaasa sa kasalukuyang kaalamang medikal o sa pinakamainam na available na tunay na ebidensya. Dapat halagahan ng pagtatasa ang: Ang gawi, tagal, at kalalaan ng panganib; kalamangan na talagang magaganap ang potensyal na pinsala; at kung mababawasan ng mga makatwirang pagbabago sa mga patakaran, kasanayan, o mga pamamaraan ng probisyon ng mga karagdagang tulong ang peligro.

### **Ano ang mangyayari kung ang aking hayop na pang-serbisyo ay wala sa aking pangangalaga at kontrol?**

Ang taong may kapansanan ay maaaring hilingang alisin ang kanilang hayop na pang-serbisyo sa mga looban kung ang hayop ay hindi makontrol at hindi gumagawa ng mabisang aksyon ang tagapagsanay para kontrolin ito, o kung ang hayop ay hindi sinanay na umihi o dumumi sa labas ng bahay. Ang responsibilidad na pangsiwaan at mangalaga para sa isang hayop na pang-serbisyo ay hindi babagsak sa negosyo o entidad ng pamahalaan na nagbibigay ng access.

Sa pangkalahatan, ang hayop na pang-serbisyo ay dapat mayroong harness, tali o iba pang talian. Gayunman, kung ang tagapagsanay ay hindi magawang gumamit ng harness, tali o iba pang talian dahil sa kapansanan, o kung ang paggamit ng isang talian ay makaaabala sa kaligtasan, kabisaan ng pagganap ng trabaho o mga tungkulin ng hayop, maaaring gumamit ang tagapagsanay ng ibang paraan para panatilihin ang hayop.

**Ano ang ibig sabihin ng “panimulang mababago ang gawi ng mga paninda, serbisyo o programang ipinagkakaloob sa isang lokasyon?”**

Bilang halimbawa, paghiling sa isang empleyado ng kuwarto sa araw ng silungan ng walang bahay na pakainin, ilakad, o linisin ang dumi ng hayop na pang-serbisyo ay maaaring ituring na magbabago sa serbisyo na ibinibigay ng empleyado ng kawani ng silungan ng walang bahay.

**Maaari ko bang isama ang aking hayop na pang-serbisyo sa isang ospital o mga pasilidad ng healthcare?**

OO. Ang mga ospital at iba pang pasilidad ng healthcare ay itinuturing na tulad ng ibang negosyo at mga pampublikong lugar para sa mga layunin ng pag-access ng hayop na pang-serbisyo. Ang mga hayop na pang-serbisyo ay dapat payagan saanman sa ospital kung saan pinapayagang pumunta ang mga kawani, pasyente at mga bisita. Kabilang sa mga ito ang mga silid ng pasyente at iba pang pampublikong lugar ng mga yunit ng inpatient at outpatient ng kalusugan hinggil sa pag-iisip, kabilang ang mga naka-lock na pasilidad ng kalusugan hinggil sa pag-iisip. Dapat magagawang pangalagaan ng mga pasyente ang hayop, o dapat magsaayos para sa isang taong mangangalaga para sa hayop kung kinakailangan.

Gayunman, ang mga hayop na pang-serbisyo ay maaaring hindi isama sa mga limitadong lugar sa pag-access ng mga ospital na gumagamit ng pangkalahatang mga hakbang sa kontrol ng impeksyon, tulad ng mga operating room at mga burn unit. Tulad ng ibang espasyo ng negosyo at pamahalaan, kapag hindi tiyak ang mga health-care worker na ang hayop ay isang pang-serbisyon hayop, maaari nilang tanungin ang tagapagsanay kung ito ay isang kailangang hayop na pang-serbisyo dahil sa isang kapansanan at kung anong serbisyo ang nagagampanan ng



hayop, ngunit maaaring hindi hilingan ng sertipikasyon o iba pang dokumentasyon ng kalagayan ng hayop na pang-serbisyo.

**Maaari ba akong hilingang magbayad ng deposito ng alagang hayop na manatili sa isang hotel kasama ng aking hayop na pang-serbisyo?**

HINDI. Ang negosyo o entidad ng pamahalaan ay hindi maaaring hilingan ang isang taong may kapansanan na magbayad ng deposito o patong na singil upang masamahan ng isang hayop na pang-serbisyo, kahit na patakaran nila ito para sa mga alagang hayop. Gayunman, kung ang isang pampublikong makatwirang kaluwagan o pampublikong entidad ay pangkaraniwang sinisingil ang mga panauhin nito para sa pinsalang sanhi sa mga kalooban, tulad ng sa isang silid ng hotel, maaari nitong singilin ang may-ari ng isang hayop na pang-serbisyo para sa katulad na pinsala.

**Ano ang aking mga karapatan habang sinasanay ko ang aking aso para maging isang hayop na pang-serbisyo?**

Ang Unruh Civil Rights Act (Civil Code Section 54.1) at Disabled Persons Act (Civil Code Section 54.2) ng California, ay pinapahintulutan ang mga taong may mga kapansanan na dalhin ang mga aso sa paupahang pabahay at iba pang negosyo para sa layunin ng pagsasanay sa mga ito na maging mga aso na pang-serbisyo.

Dapat magsuot ang mga aso ng tag na inisyu ng county na kinikilala sila bilang isang asong pang-serbisyong nagsasanay, at dapat mapanatili sa tali. Kung hindi available ang tag na inisyu ng county, ang asong sinasanay na pang-serbisyo ay maaari pa ring hilingin bilang isang makatwirang kaluwagan.

**Kung mayroon akong pang-emosyonal na suportang hayop at hindi isang hayop na pang-serbisyo, lumalapat din ba ang mga parehong tuntunin hinggil sa mga pampublikong lugar.**

HINDI, ipinagkakaloob ng ADA na tanging mga hayop na pang-serbisyo lamang at hindi pang-emosyonal na suportang mga hayop ang pinapahintulutang samahan ang kanilang tagapagsanay sa mga pampublikong lugar, at wala nang ibang batas ng estado o pederal kung saan pinapayagan ang pang-emosyonal na suportang mga hayop sa mga pampublikong lugar.

## **Anu-ano ang aking karapatan sa pag-access sa pabahay kasama ng hayop na pantulong?**

Sa konteksto ng pabahay ng batas ng mga karapatan ng kapansanan, ang mga hayop na pang-serbisyo, at pang-emosyonal na suportang mga hayop, ay sama-samang itinuturing bilang “assistance animals (mga hayop na pantulong).”

Pag-access sa pabahay kasama ng mga hayop na pang-serbisyo – kabilang ang pag-access sa mga silungan ng walang bahay – ay parehong tinatrato bilang pag-access sa mga pampublikong lugar (tingnan ang mga katanungan sa itaas “Ano ang gagawin ko kapag sinusubukang mag-access ng pampublikong lugar kasama ng aking hayop na pang-serbisyo/anu-anong katanungan ang maaaring itanong sa akin?” at “Kailang maaaring tanggihan ang aking hayop na pang-serbisyo sa mga pampublikong lugar?”)

Pag-access sa pabahay kasama ng pang-emosyonal na suportang mga hayop – kabilang ang pag-access sa mga silungan ng walang bahay – ay pinapayagan bilang isang makatwirang kaluwagan sa isang may-ari, asosasyon ng mga may-ari, o patakaran na no-pet ng silungan ng walang bahay. Ang proseso ng makatwirang kaluwagan ay kinabibilangan ng mas masusing pagsisiyasat sa pangangailangang nauugnay sa kapansanan kaysa kung sa pag-access kasama ng hayop na pang-serbisyo. Tingnan ang mga katanungan sa ibaba para sa ibayong paliwanag.

## **Ano ang isang makatwirang kaluwagan?**

Ang mga makatwirang kaluwagan ay mga eksempyon sa mga tuntunin na kinakailangan para payagan ang mga taong may mga kapansanan ng parehong pagkakataon para magamit o i-enjoy ang kanilang pabahay. Ang obligasyong gumawa ng mga makatwirang kaluwagan ay kinabibilangan ng kinakailangang gumawa ng mga eksempyon ang mga provider ng pabahay sa isang patakaran na “no-pets” para pahintulutan ang mga taong may mga kapansanan na gumamit at mabuhay kasama ng kanilang pang-emosyonal na suportang hayop.

Sa ilalim ng batas ng California at pederal, dapat payagan ang pang-emosyonal na suportang mga hayop sa pabahay bilang isang makatwirang kaluwagan para sa kapansanan ng nangungupahan.

**Kailangan bang masertipikuhan ang aking hayop na pantulong upang makakuha ng makatwirang kaluwagan sa isang patakarang no pet?**

HINDI. Walang kinakailangan na ang hayop na pantulong ay maging espesyal na sinanay o sinertipikuhan upang mapayagan bilang isang makatwirang kaluwagan sa pabahay. Dapat ay may koneksyon sa pagitan ng kapansanan ng indibidwal at ng serbisyo, kaginhawahan o pagsasama na ibinibigay ng hayop.

TANDAAN - Anumang uri ng hayop ay maaaring maging isang hayop na pantulong, hanggang binabawasan nito ang mga sintomas ng kapansanan ng tagapagsanay.

**Kailan matatanggihan ang aking kahilingan para sa isang makatwirang kaluwagan na makasama ko ang aking pang-emosyonal na suportang hayop sa aking pabahay?**

Kung ang hayop ay:

1. hindi kinakailangan dahil sa kapansanan ng tagapagsanay,
2. nagkukunwa ng direktang banta sa ibang tao o ari-arian,
3. wala sa ilalim ng pangangalaga ng tagapagsanay o hindi dumudumi sa labas ng bahay,
4. nagpapataw nang labis-labis hinggil sa pananalapi o administratibong pasanin, o
5. panimulang mababago ang gawi ng mga serbisyo na ibinibigay ng may-ari o asosasyon ng mga may-ari ng bahay.

TANDAAN: Tandaan na ang direktang banta ay dapat matukoy ng pagtatasa ng indibidwal sa kilos ng hayop, hindi mga stereotype tungkol sa lahi.

TANDAAN: Dapat ding tukuyin ng mga tagapagsanay na ang kanilang hayop na pantulong ay tumatalima sa mga batas ng kontrol ng hayop ng estado at lokal at hindi isang panganib o perhuwisyo sa komunidad. Kabilang dito ang mga kamakailan lang na bakuna. (Tingnan ang, California Food & Agriculture Code § 30851.)

**Ano ang halimbawa ng panimulang mababago ang gawi ng mga serbisyo na ibinibigay ng nagpapaupa o asosasyon ng mga may-ari ng bahay o silungan ng walang bahay?**

Paghiling sa provider ng pabahay na magpakain, ilakad, o linisin ang dumi ng hayop ay maaaring ituring na panimulang mababago sa serbisyo na ibinibigay ng nagpapaupa o ng kawaning tao ng silungan ng walang bahay.

**Paano akong gagawa ng kahilingan para sa isang makatwirang kaluwagan?**

Maaari kang gumawa ng pasalitang kahilingan, o nang nakasulat [Tingnan sa ibaba para sa sampol na sulat].

**Anong mga katanungan ang maaaring itanong sa akin ng aking provider ng pabahay kapag humihiling ng makatwirang kaluwagan sa kanilang patakaran na no pet?**

kung naghahanap ka ng makatwirang kaluwagan para sa hayop na pantulong sa pabahay, ang nagpapaupa, asosasyon ng mga may-ari ng bahay o manager ng isang silungan ay maaaring:

1. humingi ng dokumentasyon na mayroon kang kapansanan at
2. mayroon kang pangangailangang nauugnay sa kapansanan para sa hayop.

**TANDAAN:** hindi dapat humiling ng dokumentasyon ang provider ng pabahay kung halata ang iyong pangangailangang nauugnay sa kapansanan para sa serbisyo o hayop na pantulong.

Maaaring humiling ang provider ng pabahay mula sa isang maaasahang ikatlong partido, tulad ng propesyonal na gumagamot, para suportahan ang pangangailangan para sa hayop na pantulong bilang isang makatwirang kaluwagan. Ang kahilingan ay dapat limitado sa impormasyong kinakailangan para patibayin ang pangangailangang nauugnay sa kapansanan.

Ang provider ng pabahay ay maaaring hindi hingan ang aplikante o umuupa ng pabahay na magbigay ng access sa mga medikal na rekord o mga medikal na provider o magbigay ng detalyado o malawak na impormasyon ng kapansanang pisikal o hinggil sa pag-iisip ng isang tao.

\*Sampol ng kahilingan ng hayop na pantulong at mga sulat na pangsuporta ay nasa ibaba.

### **Maaari ba akong hilinging magbayad ng singil para mapanatili kong kasama ang aking hayop na pantulong?**

HINDI. Ang provider ng pabahay ay maaaring hindi hilingin na magbayad singil ang aplikante o umuupa o isang security deposit o bumili ng insurance para sa hayop bilang isang kundisyon sa pagpayag sa taong mapanatili ang hayop na pantulong. Gayunman, ang provider ng pabahay ay maaaring singilin ang indibidwal para sa pagkukumpuni ng anumang napinsala na mga sanhi ng hayop sa yunit o mga karaniwang lugar.

### **Paano akong maghahain ng reklamo kung naniniwala ako na nadiskrimina ako ng isang pampublikong entidad o lugar ng pampublikong makatwirang kaluwagan?**

Kung naniniwala kang na mali kang nadiskrimina dahil sa iyong hayop na pang-serbisyo ng isang negosyo o pampublikong entidad, maaari kang maghain ng reklamo sa Department of Justice (DOJ). Kung ang reklamo ay laban sa pamahalaan o isang pribadong entidad na tumatanggap ng pondo ng pederal, kung gayon ang reklamo ay dapat matanggap sa loob nang 180 araw ng insidente ng diskriminasyon (kapag naganap ang problema). Walang deadline sa paghahain ng reklamo laban sa negosyo sa ilalim ng ADA na hindi tumatanggap ng pagpopondo ng pederal, ngunit pinakamainam na maghain sa lalong madaling panahon. Karagdagang impormasyon sa kung paanong maghain ng reklamo sa Department of Justice ay maaaring matagpuan sa [https://www.ada.gov/filing\\_complaint.htm](https://www.ada.gov/filing_complaint.htm), o sa pamamagitan ng ADA Information Line sa (800) 514-0301 (voice); (800) 514-0383 (TTY).

Maaari ka ring maghain ng administratibong reklamo laban sa isang pampublikong makatwirang kaluwagan, pampublikong entidad o provider ng pabahay (kabilang ang silungan ng walang bahay) para sa diskriminasyon sa kapansanan sa ilalim ng batas ng California sa California Department of Fair Employment and Housing (DFEH), sa loob ng isang taon mula sa huling petsa ng diskriminasyon. Karagdagang impormasyon sa kung paanong maghain ng reklamo sa DFEH ay maaaring matagpuan sa <https://www.dfeh.ca.gov/filing-a-complaint-online/> o sa

pamamagitan ng pagtawag sa (800) 884-1684 (boses) o (800) 700-2320 (TTY).

Bilang panghalili, o bilang karagdagan sa paghahain ng reklamo sa DOJ o DFEH, maaari kang maghabla sa korte ng estado o pederal para sa kautusan at nakapagpapahayag na agarang tulong sa ilalim ng batas pederal o estado. Ang mga perang danyos ay maaaring maging available sa ilalim ng batas ng estado, kabilang ang pinakamababang ayon sa batas na mga danyos na \$4,000 kada insidente ng diskriminasyon. Civil Code §52. Ang mga demanda ay dapat maihain sa loob nang dalawang taon pagkatapos ng insidente ng diskriminasyon.

Kung naghahangad ka nang mababa sa \$10,000 sa mga perang danyos, ang isa pang opsyon ay maghain ng kasong diskriminasyon sa Small Claims Court. Ang mga kautusan ng mga limitasyon na tinalakay sa itaas ay lalapat. Hindi ka maaaring gumamit ng abogado kung pupunta ka sa small claims court. [Narito ang isang link](#) sa isang publikasyon ng Disability Rights California na ipinapaliwanag ang proseso ng paggamit ng Small Claims para sa mga kaso ng diskriminasyon.

Bilang karagdagan, inuutos ng Government Tort Claims Act na ang tort claim ng pamahalaan ay maihahain sa loob nang anim na buwan ng isang insidente ng diskriminasyon bago magsampa ng demanda para sa mga perang danyos laban sa estado o lokal na entidad ng pamahalaan. Higit pang impormasyon tungkol sa tort claims ay maaaring matagpuan sa [link na ito](#). Mangyaring tandaan na ang mga link sa website na ito para sa form para sa claims laban sa estado o isang ahensya ng estado o empleyado, kung saan ay maaaring hindi naaangkop sa iyong kaso. Ang ibang pampublikong entidad ay maaaring mayroong sarili nilang form ng tort claims na available sa kanilang website. Kung interesado kang ipagpatuloy ang paglilitis, dapat kang komunsulta sa isang abogado sa lalong madaling panahon.

### **Paano akong maghahain ng reklamo kung naniniwala ako na nadiskrimina ako ng isang provider ng pabahay?**

Kung tatanggihan ng nagpapaupa, asosasyon ng condominium o iba pang provider ng pabahay na payagan ang iyong hayop na pantulong bilang isang makatwirang kaluwagan, maaari kang maghain ng demanda o isang administratibong reklamo.

Maaari kang maghain ng administratibong reklamo sa California Department of Fair Employment and Housing (DFEH) sa loob nang isang taon ng pinakahuling petsa ng diskriminasyon. Ang impormasyon sa kung paanong maghain ng reklamo sa DFEH ay maaaring matagpuan sa <https://www.dfeh.ca.gov/filing-a-complaint-online/> o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 884-1684 (boses) o (800) 700-2320 (TTY).

Maaari kang maghain ng administratibong reklamo sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) sa ilalim ng Fair Housing Amendments Act, sa loob din nang isang taon pagkatapos ng diskriminasyon. Impormasyon kung paanong maghain ng reklamo ng HUD ay maaaring matagpuan sa 1-800-669-9777 o: [https://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/topics/housing\\_discrimination](https://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/topics/housing_discrimination).

Ang mga paglabag sa batas na tinalakay sa itaas ay maaari ring ipatupad sa pamamagitan ng mga pribadong demanda. Mangyaring maging may kamalayan na ang mga kautusan ng limitasyon ay pinipigilan ang mga takdang panahon para sa paghahain ng paglilitis at maaaring potensyal na matalo ang iyong mga claim kung hindi ka kikilos sa loob nang naaangkop na mga batas ng limitasyon. Ang mga deadline na ito ay maaaring maging kasing ikli nang dalawang taon mula sa petsa ng diskriminasyon. Kung interesado kang ipagpatuloy ang paglilitis, dapat kang komunsulta sa isang abogado sa lalong madaling panahon.

Kung naghahangad ka nang mababa sa \$10,000 sa mga perang danyos, ang isa pang opsyon ay maghain ng kasong diskriminasyon sa Small Claims Court. Ang mga kautusan ng mga limitasyon na tinalakay sa itaas ay lalapat. Hindi ka maaaring gumamit ng abogado kung pupunta ka sa small claims court. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang Disability Rights California, Isang Gabay sa Small Claims Court: Paanong Magdemanda kung ang Idiskrimina ka ng Negosyo o Nagpapaupa Laban sa Iyo Dahil sa Iyong Kapansanan sa:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/a-guide-to-small-claims-court-how-to-sue-if-a-business-or-landlord-discriminates>

## **Sampol na Sulat sa Provider ng Pabahay na Humihiling ng Hayop na Pantulong**

[Petsa]

Minamahal na [Nagpapaupa, Awtoridad ng Pabahay, Asosasyon ng mga May-ari ng Bahay, Pangalan ng Silungan ng Walang Bahay]

Sumulat ako para humiling ng hayop na pantulong bilang isang makatwirang kaluwagan para sa aking (mga) kapansanan..

Naninirahan ako/nag-a-apply akong upahan ang iyong ari-arian/manatili sa [address]. Dahil sa aking kapansanan, kailangan kong magpanatili ng hayop na pantulong bilang isang makatwirang kaluwagan.

Ang aking [manggagamot/psychiatrist/psychologist/therapist/social worker/occupational therapist/iba pang indibidwal (ilarawan)] ay ipinapalagay na kinakailangan ang mga makatwirang kaluwagan na ito dahil sa aking kapansanan. Mangyaring tingnan ang kalakip na sulat mula sa [pangalan ng doktor o propesyonal].

Inuutos ng batas ng pederal at estado na ang mga provider ng pabahay ay makatwirang pagbigyan ang mga umuupa/nakatira na may mga kapansanan. Mangyaring sumagot sa kahilingang ito sa [petsa].

Mangyaring malayang kontakin ako sa [ang numero ng iyong telepono at/o e-mail address] kung mayroon kang anumang katanungan. Salamat sa iyo.

Gumagalang,

[Ang iyong pangalan]

[Ang iyong address]

## **Sampol ng Sulat ng Beripikasyon**

[Petsa]

Para sa [Nagpapaupa, Awtoridad ng Pabahay, Asosasyon ng mga May-ari ng Bahay, Pangalan ng Silungan ng Walang Bahay]



Ako ang [manggagamot/psychiatrist/psychologist/therapist/social worker/occupational therapist] para kay [Iyong pangalan], at pamilyar ako sa kanyang kundisyon. Mayroon siyang kapansanan na nagdudulot ng ilang limitasyon sa pagganap. Kasama sa mga limitasyon na ito ang [ilista ang mga limitasyon sa pagganap na kinakailangan sa hinihiling na kaluwagan].

Ang hayop na pantulong ay kinakailangan para sa \_\_\_\_ para manirahan sa komunidad at gamitin at i-enjoy ang kanyang tirahan sa pamamagitan ng [ilarawan kung paano matutulungan o masusuportahan ng hayop ang indibidwal].

Salamat sa iyong pagkakaloob sa makatwirang kaluwagan para kay [Pangalan].

Gumagalang,

[Pangalan at Titulo]

### **Paano Makikipagkontak Sa Disability Rights California**

Kung mayroon kang ibayong mga katanungan, at para sa legal na tulong tawagan ang **Disability Rights California** sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [form ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa lahat ng ibang layunin tumawag sa 916-504-5800 (Northern CA); 213-213-8000 (Southern CA).